# "Gabay sa Pag iwas ng Sakuna" para sa mga dayuhan ",

～ Mga paghahanda　sa panahon ng kalamidad ～



Prepektura ng Fukuoka

Ang librong ito ay isang gabay para sa mga dayuhan kung ano ang gagawin kapag may sakuna o kalamidad sa bansang Hapon tulad ng lindol , malakas na ulan , bagyo ,buhawi ,pag guho ng lupa,sunog at iba pa

⚠Kunin ang tamang impormasyon.

⚠Kapag may kalamidad na nagaganap , maaring mawawalan ng tubig,koryente at gas.

⚠Kapag may panganib , pumunta sa isang ligtas na lugar.

⚠Maraming hindi ligtas na lugar kaya kailangan ang sapat na pag – iingat.

⚠Kapag may kalamidad na nagaganap, maaring titigil ang mga sasakyan sa daan at tren.

⚠Kapag ang transportasyon ay paralisado , maaaring hindi kaagad makabalik sa sariling bansa.

⚠Para sa mga biktima ng sakuna ,upang makatanggap ng suporta ng sistema kailangan ng sertipiko o "Risai Shomei Sho"

⚠Kapag nagbago ng tirahan , magbigay ng abiso o ipaalam sa post office ang bagong tirahan o address.

⚠Mag ingat sa mga taong manloloko o mandaraya sa panahon ng kalamidad.




# Ang lindol

Ang bansang Hapon ay isang bansang may madalas na lindol.
Pagkatapos ng lindol, mayroong after shock na magaganap.

Hindi nalalaman kung saan at kailan ito mangyayari

Ang lupa ay nayayanig , ang bahay o gusali ay nasisira

Ang tubig , koryente at gas ay tumitigil.
Maaaring magkaroon ng tsunami.



**Sa bansang Hapon, ginagamit ang numero upang ipahayag kung gaano kalakas ang pagyanig.**

| | |
|---|---|
| Intensity 3 | Nararamdaman ang pagyanig kapag nasa loob ng kwarto. |
| Intensity 4 | Ang mga nakasabit na ilaw ay uuyog. |
| Mahina sa Intensity 5 | Ang mga kasangkapan tulad ng mga pinggan at libro na nakalagay sa loob ng estante ay mahuhulog. |
| Malakas sa intensity 5 | Mahirap maglakad kapag hindi nakahawak sa isang bagay. |
| Mahina sa Intensity 6 | Ang mga tiles ng dingding , mga salamin sa bintana at iba pa ay mahuhulog. |
| Malakas sa intensity 6 | Ang mga kasangkapan ay gagalaw at matutumba. |
| Intensity 7 | Hindi makagalaw ng ayon sa gusto. |

# Pag may darating na lindol

## Kapag ikaw ay nasa loob ng kuwarto


1. Magtago sa ilalim ng mesa o desk



2. Patayin ang apoy




3. Buksan ang pinto at siguraduhin ang labasan



4. Magsuot ng sapatos upang hindi masugatan




5. Ihanda ang mga gamit na kinakailangan sa panahon ng emergency.



6. Pakiramdaman ang paligid at siguraduhing ligtas bago lumabas




### Kapag lilisan



## Kapag ikaw ay nasa labas

### Sa paaralan o sa kumpanya

Lumayo sa mga bintana at bookshelf  at magtago sa  ilalim ng mesa.




### Sa loob ng elevator

Pindutin ang  lahat ng pindutan ng mga mga palapag  at magmadaling lumabas.




### Supermarket o tindahan

Sundin ang instruksyon ng mga kawani.





### Sa loob ng isang tren o bus

Huwag  sumugod at magmadaling lumabas.
Sundin ang instruksyon ng mga kawani.



### Habang nagmamaneho ng kotse

Ihinto ang kotse sa kaliwa ng daan, patayin ang makina at pabayaan na nakalagay ang susi.



### Malapit sa gusali

Lumayo sa mga gusali dahil maari itong masira at babagsak ang iba't ibang bagay.



### Malapit sa dagat

Maaring magkaroon ng tsunami kaya lumisan sa isang mataas at ligtas na lugar



### Malapit sa bundok


Lumisan sa isang ligtas na lugar dahil ang bundok ay maaring gumuho.



# Malakas na ulan・Bagyo

## Malakas na ulan

Ang malakas na ulan ay karamihang dumarating mula sa buwan ng Hunyo at Hulyo sa panahon ng tag ulan at bagyo.
Ang tubig sa ilog ay umaapaw. Babahain ang mga bahay , ang tubig ay aagos sa basement o underground, aapaw ang tubig sa daan.
Ang mga bundok at bangin ay guguho.




## Bagyo

Ang bagyo ay dumarating sa pagitan ng Hulyo at Septyembre
Umuulan ng malakas at humihihip ng malakas na hangin.
Ang tubig sa ilog ay umaapaw at ang dagat ay maalon.
Ang mga karatula, tile ng bubong at iba pa ay nililipad ng malakas na hangin.
Titigil ang tren, bus, subway at iba pang transportasyon.

**＜Ang lakas ng hangin＞**


| | |
|---|---|
| 20m/s bilis ng hangin | Nag uumpisang magliparan ang mga billboard. |
| 30m/s bilis ng hangin | Mahihirapang tumayo |
| 40m/s bilis ng hangin | Mga bubong at shutter ay nililipad. |




# Kapag may malakas na ulan at Bagyo

## Mga paghahanda bago dumating ang malakas na pag ulan・Bagyo


1. Paghahanda sa labas ng bahay.
   Isaayos ang mga bagay na posibleng tangayin ng hangin. Kailangang nakakandado ang mga bintana at shutters.



2. Maghanda ng Tubig
   Maghanda ng tubig dahil titigil ang supply  ng tubig. Punuin din ng tubig ang bath tub.




3. Lumayo mula sa isang mapanganib na lugar
   Ang ilog , bangin at bundok ay mapanganib




## Mga dapat gawin kapag palapit na ang malakas na ulan at bagyo.

1. Suriin ang pinaka bagong impormasyon ng bagyo




2. Ihanda ang mga gamit na dadalhin kapag lumikas.



3. Huwag lumabas kapag may bagyo.



4. Kapag nakatanggap ng impormasyon tungkol sa paglikas, sundin ang instruksyon at lumikas kaagad.



## Panganib ng pag guho

Lumalambot ang lupa dahil sa malakas na ulan at bagyo.
Ang isang kalamidad ay kadalasang mangyayari sa lugar na malapit sa bundok at bangin.

### 1. Ang pag guho ng bato at lupa


Ang bato at lupa galing sa bundok at ilog ay maaanod

### 2. Pagguho ng bangin

Ang lupa sa bangin ay gugoho at babagsak

### 3. Pagguho ng lupa

Ang malalawak na lupain ay dumudulas at babagsak pababa..





### ⚠Babala ukol sa Landslide

Ito ay ipapahayag kapag may panganib na magkakaroon ng landslide.


**＜Mga babala at alarma＞**

| | |
|---|---|
| Babala sa malakas na pag ulan・Mga babala<br>Espesyal na Babala | Baha sanhi ng malakas na ulan,pagguho ng lupa. |
| Babala sa baha・Mga babala | Pagbaha ng ilog sanhi ng malakas na pag ulan. |
| Babala sa bagyo・Mag-ingat sa malakas na hangin<br>Espesyal na Babala | Kalamidad ng bagyo, dahil sa mataas na hangin. |
| Alarma sa alon・Mga babala<br>Espesyal na Babala | Mataas na alon na sanhi ng hangin. |
| Alerto sa pagtaas ng tubig・Mga babala<br>Espesyal na Babala | Tulad ng pagbaha na dulot ng pagtaas ng alon sa dagat dahil sa bagyo. |

Magkaroon ng kaalaman sa mga babala, alarma at Espesyal na Babala



# Kapag may nangyayaring sunog



1. Ipaalam sa mga tao sa paligid
   sa pamamagitan ng pagsigaw ng malakas na 「Sunog!」
2. Makipag ugnayan sa 119 ( Bumbero / Fire Department )

**Paano tumawag sa 119**

①Malinaw na sabihin na may nagaganap na sunog.
②Sabihin ang mga sumusunod: Numero ng kalye ○○, pangalan ng kalye , numero ng bahay ○○,pangalan ng apartment o condomonium
③Ipaalam kung ano ang nasusunog 「○○ay nasusunog」
④Sabihin ang inyong pangalan at telepono.

⚠Sabihin kung ito ba ay isang sunog o di kaya emergency, sabihin din ang lugar at ang lagay ng sunog.


3. Patayin ang sunog sa pamamagitan ng paggamit ng tubig at pamatay ng apoy “Fire extinguisher”
   Kapag wala kang pamatay-apoy ,gumamit ng unan para ipamalo sa apoy. Gumamit ng basang tuwalya at mga kumot.



⚠Huwag buhusan ng tubig ang kalan na may mantika, gas stove at mga de- koryenteng gamit


**Paano gamitin ang pamatay apoy**

①Hugutin ang pin
▼
②Hawakan ang nozzle
▼
③Dumistansya ng mga 3 metro.
▼
④Pindutin ang pingga o lever.




### Alarma sa sunog para sa mga tirahan

Ito ay tumutunog ng malakas kapag may usok o init na napupuna galing sa apoy ng sunog.
May nakalaang batas na sinusunod kapag ito ay ikakabit.



4. Kailangang lumisan
Kapag ang apoy ay umabot na sa itaas ng bubong o kisame , kailangan ng lumisan.

> ⚠ Maraming nakakalasong gas na nakapaloob sa usok , tulad ng karbon monoksid , at ito ay mapanganib !
> Maglagay direkta sa bibig ng isang basa na panyo o tuwalya. Lumisan na nasa mababang posisyon.

5. Sa matataas na gusali , tulad ng condominium at department store gamitin ang hagdan para lumikas.
Ang apoy at usok ay pumupunta sa itaas kaya, lumikas sa mababang lugar.
Huwag gumamit ng elevator

6. Pag ikaw ay nakalabas na , huwag  nang bumalik sa loob!

## Upang maiwasan ang sunog

Huwag maglagay ng mga madaling masunog na bagay sa paligid ng bahay.




Laging patayin ang apoy ng kalan kapag aalis.




Huwag iwanang nakasindi ang sigarilyo.




Huwag isaksak ang maraming de-kuryenteng gamit sa isang outlet lamang.



Huwag maglagay ng masusunog na bagay malapit sa stove o heater.



Huwag ilagay ang posporo at lighter na abot kamay ng mga bata.



# Pang araw araw na pagha-handa

1. Subukang magkaroon ng pulong  pulong para sa pamilya

   Sabihin sa bawat miyembro kung saan lilisan at kung paano magtatawagan.



2. Suriin ang mga gamit na dadalhin kapag lumisan.

3. Preparasyon sa loob ng bahay.



   ①Lagyan ng suporta tulad ng extension bars ang mga kasangkapan para hindi ito matumba.
   Dikitan o tapalan ng film ang mga bintana at cupboards para hindi ito mabasag.

   ②Huwag ilagay ang  mga bagahe sa hallways at doorway para may daanan sa inyong paglisan.

   ③Ihanda ang mga gamit na dadalhin kapag lumisan.
   Flashlight , portable na radyo , mga supply para sa  emerhensiya, pagkain para sa oras ng emerhensiya.


4. Pagsusuri kung ligtas ang isang gusali.

   Suriin kung ang isang gusali ay matibay laban sa pag yanig.
   Lagyan ng suporta ang mga tile sa bubong at antenna para hindi ito lumipad.
   Kumpunihin ang mga lumang konkreto na blokeng pader.



5. Pakikipagdamayan sa mga kapitbahay.

   Sa panahon ng kalamidad, kailangan ang tulong ng bawat isa. Tulungan ang kapitbahay ng higit pa sa nakasanayan.



# Mga kailangang gamit sa panahon ng sakuna



## Mga dadalhin kapag lumisan

Ang mga sumusunod  ay mga gamit na dadalhin sa paglisan.
I impake ang mga ito sa backpack  at  ilagay sa isang lugar na  madaling kunin

<table>
<tr><td>Pagkain at iba pa</td><td>Inumin<br>pagkaing pang emerhensiya(Kraker o biskotso,de latang pagkain, naka pack at isterilisadong pagkain at iba pa)<br>Powdered milk, baby bottle<br>kutsilyo,abrelata</td><td>Damit</td><td>Damit, damit na panloob<br>Tuwalya<br>Mga gamit pamproteksyon laban sa ulan（raincoat,payong）<br>Damit panlamig</td></tr>
<tr><td>Mga produktong parmasyutiko</td><td>First aid kit<br>Gamot na laging iniinom<br>Lampin na maaring itapon pag hindi na kailangan, sanitary goods<br>Tisyu</td><td rowspan="2">Mga gamit pang araw araw</td><td rowspan="2">Flash light<br>Radyo<br>Baterya<br>Pantrabahong guwantes,  gwantes<br>Naitatapon na  heating pad o plaster tulad ng kairo.<br>Kagamitan sa pagsulat (ballpen, memo note)<br>Plastik na supot o kaya bag<br>Lighter ,posporo<br>Talukbong na pang iwas sa sakuna , helmet</td></tr>
<tr><td>Mga mahahalagang gamit</td><td>Pera,cash card,libreta sa banko<br>inkan<br>Health insurance card<br>I.D card</td></tr>
</table>

## Mga bagay na dapat laging nakahanda sa bahay para sa panahon ng kagipitan



Maghanda ng mga gamit para makaraos ng pang mahigit tatlong araw.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pagkain at iba pa | Maiinom na tubig ( 3 litro sa isang araw sa bawat tao )<br>Naka pack at isterelisadong pagkain , delata,biskotso , kraker ,bago isaling na bigas,tsokolate , kendi , powdered milk<br>Portableng kalan , gas<br>Kaserola ,(puwedeng itapon na chopstick , paper cups at iba pa) | Mga bagay na kakailanganin | Flashlight , kandila ,lampara ,radyo<br>Wet tissue, toilet paper<br>Kumot , sleeping bag<br>Newspaper<br>Tools |

# Paunawa para sa pag iwas ng sakuna

**Bumbero 119**

Kapag may sunog ,pinsala o aksidente




**Estasyon ng pulis 110**



## Sariling Tala

| | |
|---|---|
| Pangalan | Numero ng pasaporte |
| Bansa | Alien card /<br>Resident card |
| Address ng tirahan sa Japan | |
| Numero ng telepono | Numero ng mobile |

**Pangalan ng pamilya**

| Pangalan | Numero ng telepono |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

**Kamag anak o kakilala**

| Pangalan | Numero ng telepono |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

| Saan makikipag ugnayan | Numero ng telepono | Kaninino makikipag ugnayan | Numero ng telepono |
|---|---|---|---|
| Gas | | Embassy・Consulate | |
| Koryente | | Hospital | |
| | | | |
| | | | |


Lugar na paglilisanan

Lugar kung saan magpupulong pulong ang pamilya

## Evacuation center

Suriin ang evacuation center na malapit sa bahay at gumawa ng mapa.
Kadalasan ito ay paaralan, community center at civic center
Maaring kumain sa evacuation center at mayroon ding matutulugan.

### Mapa






# Saan makipag ugnayan sa pag iwas ng sakuna・Listahan ng evacuation centers

Sa Prepektura at Munisipyo.
Maari mo ring masuri ang mga evacuation centers mula sa computer.



## Prepektura ng Fukuoka

FukuokaKen BousaiKikikanriKyoku ShoubouBousaiShidouKa
Numero ng telepono 092-643-3113 Japanese lang ang available



Mapa na susuporta sa paglisan sa Prepektura ng Fukuoka
**http://www.bousai.pref.fukuoka.jp/shienmap/index.html**

FukuokaKen KokusaikouryuuSenta (Kokusai Hiroba)
Gaikokujin Soudanmadoguchi (konsultasyon para sa mga dayuhan)
Numero ng telepono : 092-725-9200
Japanese, English, Chinese, Korean lang ang available

# Impormasyon tungkol sa sakuna・Saan makipag ugnayan

## Foreign Language Broadcast FM「LOVE FM」

Ibinabalita sa iba't ibang wika ang impormasyon tungkol sa lindol, bagyo at malakas na ulan.

Fukuoka 76.1 MHz
Fukuoka West 82.5 MHz
Kitakyushu 82.7 MHz

## Mail sa pag iwas ng sakuna o kalamidad

○Ang iwas sa sakuna na mail service na tinatawag na si Mamoru Kun ay isinasagawa sa Prepektura ng Fukuoka.
○Malalaman kaagad ang impormasyon sa panahon ng lindol, tsunami, bagyo at malakas na ulan.
○Sa panahon ng kalamidad, maari mong ipaalam sa iyong pamilya at mga kaibigan ang iyong mensahe tungkol sa iyong kalagayan.

Si Mamoru Kun ay may bersyong Ingles at Hapon.
Maari kang mag rehistro mula sa sumusunod na URL. ( Libreng rehistro at walang bayad. )

Ingles na bersyon URL **http://www.bousaimobile.pref.fukuoka.lg.jp/en/**
Hapon na bersyon URL **http://www.bousaimobile.pref.fukuoka.lg.jp/**

＜Ingles na bersyon＞ ＜Hapon na bersyon＞




## Ang “ voice mail “ na serbisyo ng telepono para sa kalamidad

Ang “voice mail” para sa kalamidad ay isang serbisyo na kung saan maaring mag record o di kaya makinig ng message sa numero ng telepono sa panahon ng kalamidad.Magagamit din mula sa pampublikong telepono at cellphone.
※ Ito ay hindi maaring gamitin mula sa ibang bansa.

### Ang “ voice mail “ na serbisyo ng telepono para sa kalamidad 171

◆ **Kapag mag record ng mensahe**

1 7 1 – 1 - □□□-□□□-□□□□ → mag record alinsunod sa sinasabi ng guidance.

Numero ng iyong telepono

◆ **Kapag makinig ng mensahe**

1 7 1 – 2 - □□□-□□□-□□□□ → Makinig sa mensahe alinsunod sa sinasabi ng guidance.

Numero ng telepono ng iba pang partido

**International Affairs Bureau, Fukuoka Prefecture**
**7-7 Higashi-koen, Hakata-ku, Fukuoka 812-8577**
TEL:092-643-3201 FAX:092-643-3224
April 2017 Edition